Mga Sunog sa Bahay

Bawat taon, mahigit sa 2,500 tao ang namamatay at 12,600 ang napipinsala sa mga sunog sa bahay sa Estados Unidos. Ngunit di katulad ng mga ibang sakuna, maaaring iwasan ang mga sunog sa bahay! Mahalagang malaman ito: **Mabilis ang sunog!** Walang oras upang kunin ang anuman o tumawag. Sa dalawang minuto lang, maaari kang patayin ng sunog. Sa limang minuto, maaaring lamunin ng apoy ang bahay. **Mainit ang sunog!** Ang init at usok ay maaaring maging mas mapanganib kaysa sa mga apoy. Ang paghinga ng napakainit na hangin ay maaaring makasunog sa mga baga mo, at ang apoy ay gumagawa ng mga nakakalasong gas na maaaring magpaantok sa iyo at di ka makatakas. **Madilim ang sunog!** Maaaring mahirap mahanap ang labasan sa bahay kapag may sunog. **Nakamamatay ang sunog!** Gumagamit ng oxygen na kailangan mong mahinga ang sunog at gumagawa ito ng usok at mga nakakalasong gas na nakamamatay.

Nasa panganib ba ako?

Bawat isang tao sa Estados Unidos, saan man sila nakatira o anumang uri ng bahay sila nakatira ay nasa peligro ng sunog sa bahay.

PAGSUSURI NG KATOTOHANAN

1. Totoo o Hindi Totoo? Ang mga sunog ay lumilikha ng mga nakakalasong gas na maaaring magpaantok sa iyo, lituhin ka at kulangin ng hininga.
2. Totoo o Hindi Totoo? Ang mga apoy mula sa pagluto ay ang pangunahing sanhi ng mga sunog sa bahay.
3. Dapat mayroon kang hindi bababa sa _____ (na) ruta ng paglikas mula sa bawat kuwarto?
   a. Wala b. Isa c. Dalawa
4. Ilang mga alarma ng usok (mga detector) dapat mayroon ka sa tahanan mo?_____
5. Gaano kadalas mo dapat suriin at palitan ang mga baterya sa inyong mga alarma ng usok?__
_____

MGA SAGOT

(1) Totoo. Kaya mahalaga na manatiling mababa sa lupa at mabilis lumabas!
(2) Totoo!
(3) C
(4) Hindi bababa sa isa sa bawat lebel ng tahanan mo, lalo na sa mga lugar ng tulugan.
(5)Suriin ang mga batterya minsan bawat buwan, at palitan ito nang hindi bababa sa minsan bawat taon.

BE A HERO!™
MAGING BAYANI !

Para sa karagdagang mga katotohanan at impormasyon sa mga baha, bumisita sa

http://www.ready.gov/kids/know-the-facts/home-fires
http://www.usfa.fema.gov/

Mga Sunog sa Bahay

Maging Handa

BAGO

Lumikha ng planong pantakas sa sunog at sanayin ito nang dalawang beses bawat taon.

- ✔ Maglagay ng mga alarma ng sunog sa bawat kuwarto at bawat palapag ng bahay.
- ✔ Paalala sa mga magulang mong subukan ang mga alarma ng sunog sa bahay niyo bawat buwan.
- ✔ Maghanap ng dalawang paraan para makalabas sa bawat kuwarto. Ang bintana ay maaaring pangalawang daanan kung ang pintuan ay hinaha rangan ng apoy o usok.
- ✔ Magsanay na kapain ang daan palabas ng bahay sa dilim o nang na kasara ang mga mata mo.
- ✔ Matulog nang sarado ang pintuan mo. Nakakatulong itong humadlang sa mabilis na pagkalat ng apoy.

HABANG

- ✔ Bumaba at umalis! Gumapang sa ilalim ng usok papunta sa labasan. Ang makapal na usok at nakamamatay na mga gas ay naiipon sa bubong.
- ✔ Kapag nakarinig ka ng alarma ng usok, lumabas agad! Maaaring may ilang segundo ka lang para makatakas.
- ✔ Kung hinaharangan ng usok ang pinto, gamitin ang pangalawa mong daanan palabas ng kuwarto o bahay.
- ✔ Hipuin ang doorknob at pinto bago ito buksan. Kung alinman ay mainit, iwanang sarado ang pinto at gamitin ang pangalawang daan palabas.
- ✔ Kung nakakakita ka ng usok papalabas sa pinto, gamitin ang pangala wang daan palabas.
- ✔ Kung bubuksan mo ang pinto, marahan itong buksan at maghandang mabilis itong sarhan kung may usok.
- ✔ Huwag magtago mula sa mga bumbero! Maaaring nakakatakot sila dahil sa lahat ng kanilang mga kagamitan, ngunit nariyan sila para tulungan ka.
- ✔ Sabihin sa mga bumbero kung may mga alagang hayop na nakulong sa bahay. Huwag mo mismo silang subukang kunin!
- ✔ Kung masunog ang mga damit mo, huminto-dumapa-gumulong! Huminto, dumapa sa sahig, at takpan ang mukha mo gamit ang iyong mga kamay. At gumulong nang gumulong o papunta at paroon hanggang mamatay ang apoy.

MAKALIPAS

- ✔ Huwag bumalik sa anumang gusali maliban kung may bumbero o sinabi ng mga magulang mo na ligtas na.

MGA SALITANG DAPAT MALAMAN

Mga Alarma ng Usok - Mga sensor na nakakabit sa kisame na nagpapa-tunog ng alarma kapag may natukoy silang usok

Pamatay Sunog - Isang aparatong pamproteksi-yon sa sunog na nag-i-spray ng foam at ginag-amit upang makatulong na patayin ang mga maliliit na apoy.

Oxygen - Ang hanging hinihinga natin. Kailangan ng mga apoy ng oxygen para masunog.

BE A HERO!™

MAGING BAYANI !

Para sa karagdagang mga katotohanan at impormasyon sa mga baha, bumisita sa

http://www.ready.gov/kids/know-the-facts/home-fires
http://www.usfa.fema.gov/